# O bata, tunay na ako ay magtuturo sa iyo ng mga pangungusap. Magmaalalahanin ka kay Allāh, magmamaalalahanin Siya sa iyo. Magmaalalahanin ka kay Allāh, makatatagpo ka sa Kanya sa dako mo. Kapag humiling ka, humiling ka kay Allāh. Kapag nagpatulong ka, magpatulong ka kay Allāh

Ayon kay Abu Al-`Abbās `Abdillāh bin `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Ako minsan ay nasa likuran ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) isang araw saka nagsabi siya: "O bata, tunay na ako ay magtuturo sa iyo ng mga pangungusap. Magmaalalahanin ka kay Allāh, magmamaalalahanin Siya sa iyo. Magmaalalahanin ka kay Allāh, makatatagpo ka sa Kanya sa dako mo. Kapag humiling ka, humiling ka kay Allāh. Kapag nagpatulong ka, magpatulong ka kay Allāh. Alamin mo na ang kalipunan, kung sakaling nagkabuklod ito na magpakinabang sa iyo ng isang bagay, hindi sila makapagpapakinabang sa iyo kundi ng isang bagay na itinakda na ni Allāh para sa iyo; at kung nagkabuklod sila na puminsala sa iyo ng isang bagay, hindi sila makapipinsala sa iyo kundi ng isang bagay na itinakda na ni Allāh laban sa iyo. Iniangat ang mga panulat at natuyo ang mga kalatas."} Sa isa namang salaysay na iba pa sa kay Imām At-Tirmidhīy: "Magmaalalahanin ka kay Allāh, makatatagpo ka sa Kanya sa harapan mo. Magpakakilala ka kay Allāh sa kaalwanan, kikilala Siya sa iyo sa kagipitan. Alamin mo na ang anumang nagmintis sa iyo ay hindi naging ukol tumama sa iyo at ang anumang tumama sa iyo ay hindi naging ukol magmintis sa iyo. Alamin mo na ang pagkaadya ay kasama ng pagtitiis, na ang pagkagalak ay kasama ng dalamhati, at na kasama ng hirap ay ginhawa."

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy at ang iba pa sa kanya]

Nagpapabatid ang Anak ni `Abbās (malugod si Allāh sa kanya) na noong siya ay isang bata pa na nakasakay kasama ng Propeta (basbasan ito ni Allāh at pangalagaan), nagsabi ito sa kanya: "Tunay na ako ay magtuturo sa iyo ng mga usapin at mga bagay na magpapakinabang sa iyo si Allāh sa pamamagitan ng mga ito: Magmaalalahanin ka kay Allāh sa pamamagitan ng pagmamaalalahanin sa mga ipinag-uutos Niya at pag-iwas sa mga sinasaway Niya, kung saan makatatagpo Siya sa iyo sa mga pagtalima at mga pagpapakalapit-loob at hindi Siya makatatagpo sa iyo sa mga pagsuway at mga kasalanan. Kung ginawa mo iyon, ang ganti sa iyo ay na magmaalalahanin sa iyo si Allāh laban sa mga kinasusuklaman sa Mundo at Kabilang-buhay at mag-adya Siya sa iyo sa mga gawain mo saan ka man dumako. Kapag nagnais ka na humingi ng isang bagay, huwag kang humingi

kundi kay Allāh sapagkat tunay na Siya – tanging Siya – ang tumutugon sa mga humihingi. Kapag nagnais ka ng tulong, huwag kang magpatulong kundi kay Allāh. Magkaroon sa iyo ng isang katiyakan na walang mangyayari para sa iyo na isang kapakinabangan kahit pa man nagkabuklod sa pagpapakinabang sa iyo ang mga mamamayan ng daigdig nang lahatan maliban sa naitala ni Allāh para sa iyo at walang mangyayari laban sa iyo na isang kapinsalaan kahit pa man nagkabuklod sa pagpinsala sa iyo ang mga mamamayan ng daigdig nang lahatan maliban sa naitakda ni Allāh laban sa iyo. Ang bagay na ito ay naitala na ni Allāh (kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan) at naitakda na Niya alinsunod sa hiniling ng karunungan Niya at kaalaman Niya. Walang pagpapalit sa naitala ni Allāh. Ang sinumang nagmaalalahanin kay Allāh sa pamamagitan ng pagmamaalalahanin sa mga ipinag-uutos Niya at pag-iwas sa mga sinasaway Niya, tunay na Siya (kaluwalhatian sa Kanya) ay nasa harapan ng lingkod, na nakaaalam sa anumang nasa kanya, nag-aadya sa kanya, at umaalalay sa kanya. Ang tao, kapag tumalima siya kay Allāh sa kaalwanan, ay tunay na si Allāh ay gagawa para sa kanya sa sandali ng kagipitan ng isang pagkagalak at isang malalabasan [sa kagipitan]. Malugod ang bawat tao sa anumang itinakda ni Allāh sa kanya na kabutihan o kasamaan. Sa kabila ng mga kagipitan at mga pagsubok, mananatili ang tao sa pagtitiis sapagkat tunay na ang pagtitiis ay susi ng pagkagalak. Ang dalamhati, kapag tumindi ito, ay dumarating ang pagkagalak mula kay Allāh. Ang hirap, kapag nangyari ito, ay pinasusundan ni Allāh ng ginhawa.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/66522